Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Pangungusap na Pautos at Pakiusap

A. Isulat ang **PU** sa patlang kung ang pangungusap ay pautos. Isulat ang **PK** kung ito ay pangungusap na pakiusap.

PU 1. Huwag kang umalis na hindi nagpapaalam.

PK 2. Pakiabot po ang bayad ko sa drayber.

PK 3. Pakisabi kay Nanay na narito na ang bisita.

PU 4. Diligan mo ang mga halaman sa bakuran.

PK 5. Pakibigay kay Tatay ang bagong diyaryo.

PU 6. Mag-aral kayo nang mabuti para sa pagsusulit.

PU 7. Dalhin mo ang payong at baka umulan.

PK 8. Pakihanda ang meryenda para kay Tita Marivic.

PU 9. Bumili ka ng isang kilong bigas sa tindahan.

PK 10. Pakiayos ang mga upuan sa silid-aralan.

B. Gawing pakiusap ang mga pangungusap na pautos. Gawing pautos ang mga pangungusap na pakiusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Tingnan mo kung kumukulo na ang tubig.

   Pakitingnan kung kumukulo na ang tubig.

2. Pakisara ang mga bintana sa sala.

   Isara (mo) ang mga bintana sa sala.

3. Bilangin mo ang sukli na binigay niya.

   Pakibilang ang sukli na binigay niya.

4. Pakibasa ang nakasulat sa pisara.

   Basahin (mo) ang nakasulat sa pisara.

5. Kunin mo ang aklat sa mesa.

   Pakikuha ng aklat sa mesa.